

Maligayang pagdating sa Bahay: Pag-iwas sa mga problema mula sa Unang Araw

Isinalin mula sa panulat ni Dr. Sherry Woodard

Isinalin sa Filipino ni Leezandra Jae Quijano

Bago iuwi ang iyong bagong aso sa iyong bahay, marapat na maghanda para sa bagong miyembro ng inyong pamilya. Una, lagyan ng ID tag ang inyong aso na nagsasaad ng iyong impormasyon (pangalan, numero ng telepono, address).

Bago naman umalis sa adoption site, suriin na ang collar ng iyong bagong aso ay hindi masiyadong maluwag. Madaming aso ang nakakatakas mula sa kanilang kwelyo at nakakatakbo, maaari siyang maligaw sa lugar na hindi pamilyar sa kaniya ng walang contact information. Para mas makasiguro, maari kang bumili ng martingale collar (isang kwelyo na hindi nila matatangal na nabibili sa mga pet stores) o ng harness, upang gamitin kasabay ng regular na collar, hanggang sa maipakita ng iyong bagong aso na hindi na siya mababahala sa kaniyang bagong kapaligiran, tulad ng ibang aso, ingay ng siyudad, at trapiko.

Panatilihin ang iyong bagong aso sa kaniyang tali, liban na lamang kung kayo ay nasa isang saradong bakuran o sa lugar na itinalagang maaring walang tali ang aso. Palaging kabitan ng tali ang iyong aso lalo na kung malapit sa trapiko dahil maaari siyang magambala o matakot at tumakbo sa kalye.

Ano ang kailangan ng aking bagong aso?

Upang maging masaya at malusog, kakailanganin ng iyong aso ang mga sumusunod:

- Pagkakaroon ng palagiang malinis na inuming tubig
- Diyeta na balanse sa nutrisyon
- Isang ligtas na lugar sa labas kung saan siya ay makapagbawas (kung hindi siya sinasanay na gumamit ng litter box)
- Araw-araw na ehersisyo

Kakailanganin ng iyong bagong aso ng training, kung siya ay wala pa nito. Mag-research ng mga trainer sa iyong lugar at pumili ng gumagamit ng makataong pamamaraan. Ang mga makataong tagapagsanay ay hindi gumagamit ng kadena o prong na kwelyo, hindi din nila sinusulong ang paghila o pag-angat sa aso gamit ang kanilang kwelyo. Kung wala ka pang karanasan sa pagiging pinuno ng pangkat (marahil ito ang una mong aso), makikinabang ka din sa mga pagsasanay na ito. Kailangan ng iyong aso na ikaw ang maging pinuno ng inyong pangkat. Kung hindi ka magiging epektibo dito, makakagawa ng desisyon ang iyong aso sa kaniyang sarili, na maaring hindi angkop o di naman kaya ay mapanganib.

Kailangan din ng iyong aso ng mapagmahal na pakikipag-ugnay sa iyo at sa lipunan araw-araw. Iparanas sa iyong aso kung paano sumakay sa kotse, hayaan siya na makisalamuha sa mga bata at iba pang aso, dalhin siya sa groomer, at isama kapag bibili

ng mga pangangailangan sa tindahan ng pagkain ng hayop (may mga ibang establimento na hahayaan kang dalhin ang iyong aso sa loob), at ilakad siya sa mga pampublikong lugar.

Magsikap na lagyan ng istraktura at pagkakapare-pareho ang pang araw-araw na gawain ng iyong aso upang mabigyan siya ng malakas na pakiramdam na siya ay miyembro ng pamilya. Ang relasyon sa pagitan ng iyong pamilya at ng bago nitong miyembro ay maaring maging mabuti kung ikaw ay mananatiling mapagpasensiya at positibo.

Dapat ka ring pumili ng isang beterenaryo na magiging komportable ka, dahil kakailanganin mong dalhin ang iyong aso para sa regular na pagkonsulta. At huli, alamin kung ano ang mga batas sa iyong lugar (tulad ng mga batas sa pagtatali ng aso) at kung ano ang mga kinakailangang lisensiya para sa pagmamay-ari ng aso.

Kailangan ko bang i-dog-proof ang aking bahay?

Bago mo iuwi sa iyong bahay ang iyong aso, dapat mong gawing ligtas ang iyong tahanan sa parehong pamamaraan na gagawin mo itong ligtas para sa isang bata. Tignan ang iyong tahanan sa antas ng isang aso. Ano ang mga maaabot niya? Kung ayaw mo siyang uminom sa inidoro, sabihan ang mga kasama sa iyong bahay na ibaba ang takip nito. Kung mayroon mang naninigarilyo sa iyong bahay, ilagay ang ashtray sa lugar na hindi kayang abutin ng aso. Maaring malason ang aso dulot ng pagkalason sa nikotina kung makakakain ng upos.

Mapapahamak ba ang iyong mamahaling gamit sa mabilisang pag-galaw ng buntot ng iyong aso? Ang mga buntot ng aso ay kilala na nakakatangay ng mga nilalaman ng mabababang lamesa. Kung may mga kandila kang nakasindi, siguruhin na hindi ito maaabot ng aso. Mayroon bang mga bagay na maari siyang mabuhol (gaya ng kurdon)?

Paano ko maiiwasan ang aking bagong aso na nguyain ang aking mga gamit?

Kung ang iyong bagong aso ay may mga sarili niyang laruan, maaaring hindi siya maging interesado na nguyain ang mga pagmamay-ari mo (ngunit ang mga sapatos na balat (leather) ay mahirap tanggihan). Bumili ng mga matitibay na laruan gaya ng goma o nylon na kanyang mangangatngat. Ang mga laruan na maaaring lamanan ng masarap na pagkain (tulad ng Kongs at Buster Cubes) ay kaya siyang gawing okupado sa matagal na panahon. Kung siya ay magsisimulang ngatngatin ay iyong mga personal na gamit, agad na kuhanin at ilipat ang kaniyang interes sa laruan na pang-aso.

Ano ang dapat kong malaman para gawing ligtas ang aking bakuran?

Lakarin ang iyong bakuran. Ganap ba na nakasara ito? Mayroon bang mga espasyo o puwang kung saan ang iyong bagong aso o tuta ay maaaring makatakas? Mayroon bang anumang maaari niyang gamiting tungtungan upang makatakas sa bakod (tumpok ng kahoy, fountain, latticework)? May mga aso na marunong magbukas ng gate, kaya marapat na gawan ng paraan para hindi maabot ng aso ang bukasang gate.

Anong uri ng mga halaman ang mayroon sa iyong bakuran? Ang mga pain sa suso at ibang halaman (tulad ng oleander, azaleas and rhododendrons) ay nakakalason sa mga aso. Ang antifreeze ay peligroso din sa aso – ito ay nakalalason at nakamamatay. Naakit ang mga aso sa matamis na lasa nito, kaya huwag sila hayaan na uminom sa mga makikitang tubig na malapit kung saan pumarke ang isang kotse.

Mayroon ka bang lawa o palanguyan na walang takip sa iyong bakuran? May mga aso na nalulunod sa mga ito kapag sila ay tumalon o nahulog at hindi na nakalabas mula rito. Dapat din siguruhin na ang iyong mga basurahan ay may mahigpit na takip – upang maiwasan ang pamamasura ng iyong aso. Bukod sa mabahong kalat, ang ibang mga bagay sa basura (gaya ng buto ng manok) ay mapanganib na malunok ng iyong aso.

Marapat na suriin ang iyong bakuran para sa kaligtasan bago iuwi ang iyong bagong aso. Kung hindi mo pa ito nagawa bago dumating ang iyong aso, pangasiwaan ang oras na kaniyang igugugol sa labas. Kahit na ang laruan na pangbata ay maaaring maging problema kung ito ay mangunguya at malulunok.